

Ipalista and inyong anak sa kindergarten. Ang pagpapalista ay magsisimula sa Lunes, Enero 22, 2018.

Sa Calgary Board of Education, naiintindihan po namin na dala ng mga bata ang taglay nilang likas na talino sa kanilang pag-aaral. Alam ng aming mga guro kung paano tulungan ang mga bata na maabot ang kanilang buong potensyal.

Pagpapalista sa Kindergarten

Para magpalista, ang mga bata ay kailangan limang taon na sa Marso 1 ng kasalukuyang taon. Ang mga bata ay hindi kinakailangang pumasok sa kindergarten, subalit sila ay kailangang mag-umpisa nang pumasok sa eskuwela kung sila ay anim na taong gulang na sa Setyembre 1 ng kasalukuyang taon.

Transportasyon

Maaari pong sumakay sa iskul bus ang mga bata kung sila ay pumapasok sa itinalagang paaralan para sa kanilang komunidad at nakatira sa ipinagtibay na lugar para sa transportasyon. Tawagan ang inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

Tungkol sa Kindergarten

Ang kindergarten ay isang lugar para sa mga bata na:

- siyasin at subukin ang kanilang kapaligiran
- matutong makipag-ugnayan sa ibang tao
- matutong makipag-usap ng maayos
- hubugin ang kakayahan sa paggawa ng desisyon
- pagbutihin ang kanilang kaalaman at kakayahan sa language arts, science, mathematics, social studies at fine arts

Mga pagpipiliang programa

Bilang karagdagan sa mga paaralan sa komunidad, marami din kaming mga pagpipiliang programa para sa aming mga mag-aaral. Pumunta po sa inyong paaralan sa komunidad para malaman ang mga maaari ninyong pagpilian.

Paglahok ng Magulang

May maraming mga paraan para ang mga magulang ay lumahok sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

- Kausapin ang inyong mga anak araw-araw tungkol sa kanilang ginawa sa klase
- Maging positibo tungkol sa kanilang karanasan sa paaralan
- Magboluntaryo sa paaralan
- Dumalo sa mga pagpupulong ng konseho ng paaralan (school council)

Mga Serbisyo ng Interpreter

Kung kailangan ninyo ng serbisyo ng isang interpreter para ipalista ang inyong anak sa kindergarten, pumunta sa paaralan ng inyong anak at ikukuha po kayo ng interpreter sa inyong lengguwahe.